6

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

ARALING PANLIPUNAN

**This is a Government Property. Not For Sale**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grades 6 ARALING PANLIPUNAN

---


**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**

Writers: Anmar O. Campos, Cherryl Ley G. Padaca

Illustrators:

Layout Artists:

Content Editors: Jovy A. Swing

Language Editors: Jovy A. Swing

Management Team:

Regional Director : Malcolm S. Garma

SDS : Romela M. Cruz

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Alyn G. Mendoza

Regional EPS (Araling Panlipunan): Andrew E. Tan

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Araling Panlipunan): Ceasar A. Nachor

SDO LR : Ruby E. Baniqued

Regional Librarian : Nancy S. Mabunga

PDO II - LRMDS : Dorothy Grace I. Reyes

Librarian II : Calixto N. Camangeg

---

# ARALIN 1: Ang Pilipinas Bilang Isang Ganap na Estado

**INAASAHAN:**

1. Natatalakay ang mga suliranin na may kinalaman sa soberaniya ng bansa at sa pagpapanatili ng kalayaan.
2. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng panloob at panlabas na soberaniya ng bansa
3. Nabibigyang halaga ang isang malayang bansa ng may soberaniya at may mga karapatang tinatamasa.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Sa pamamagitan ng *hanging balloon* ay napapaloob dito ang tamang sagot na tinutukoy ng bawat bilang.

pamahalaan amamayan
malawak palagian
di nasasalin

_______1. Ito ay isang katangian ng soberaniya na hindi maaring ilipat sa iba.
_______2. Sumasakop ito sa lahat ng mga tao at ari-arian ng estado
_______3. Tumutukoy sa tao o sa grupo ng mga tao sa isang yunit ng pamayanan.
_______4. Ito ay magtatagal ng mahabang panahon o hindi na mababago.
_______5. May kapangyarihang gumawa at magpatupad ng batas para sa kanyang nasasakupan at itinataguyod ng mga tao.

## BALIK-TANAW

Mga bata, ano ba ang napapansin ninyo sa ating bansa? Dapat bang may isang damdamin, saloobin at paniniwala ang mga tao upang madaling makagawa ng hakbang para sa kabutihan at kaunlaran ng bansa? Anu-ano ang mga karapatan ng bansa laban sa mga isyu at hamong kinakaharap nito ukol sa soberanya?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Kailan sinasabing ganap na malaya o isang estado ang isang bansa? Masasabi na ang isang bansa ay malaya kapag may apat na mahalagang sangkap o elementong

dapat taglayin. Hindi maaring matawag na isang estado ang isang bansa kung kulang ang sangkap nito ng isa. Ang mga elementong ito ay ang sumusunod:

- Nasasakupan na lupa, katubigan, himpapawid na bahagi ng bansa ay maaring magamit ng mga mamamayan.
- Mamamayan o mga taong naninirahan sa bansa na siyang mag-aaruga, magpapaunlad at nagtatangol sa kalayaan
- Ang soberaniya o ganap na kapangyarihan upang mapasunod at magpakilos sa lahat ng tao.

**Mayroong dalawang aspekto ang soberaniya** (Ang panloob at panlabas)

1. Panloob na Soberaniya (*internal sovereignty*) – nagsasaad sa kapangyarihan sa lahat na mapasunod ang mga taong naninirahan dito.
2. Ang Panlabas na Soberaniya (*external sovereignty*) – ay ang kalayaan ng estadong itaguyod ang lahat ng gawain sa kanyang nasasakupan na hindi pinakikialaman ng ibang bansa.

**Mga Karapatan ng isang malayang bansa**:

1. Karapatan sa saklaw na kapangyarihan – nagpapatupad at gumagawa ng batas at kautusan sa kanyang nasasakupan.
2. Karapatan sa pantay na pribilehiyo – may pantay na karapatan, tungkulin at pribilehiyo anuman ang kanilang laki, kultura at yamang mayroon ito.
3. Karapatan sa Kalayaan – walang ibang bansang maaring manghimasok, makialam at pumigil sa mga desisyon para sa bansa.
4. Karapatang sa pakikipag ugnayan – ang malayang pakikipag-ugnayan natin sa ibang bansa. Karapatang magpadala at tumanggap ng pambansang kinatawan sa ibang bansa gaya ng mga diplomat at konsul.
5. Karapatan sa pagmamay-ari – ang pagmamay-ari o pag-aangkin ng lahat ng ari-arian at bagay-bagay na nasa kanyang teritoryo, gaya ng mga likas na yaman.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Suriing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang **Tama** kung makatotohanan at **Mali** kung hindi.

_____1. Gaya ng isang tao, ang mga bansa ay mayroon ding karapatang tinatamasa.
_____2. Ang isang bansang papaunlad pa lamang ay hindi maaring makipag-ugnayan sa mga bansang mauunlad na.
_____3. Ang isang bansa ay maaring makikipaglaban o nakidigma sa ibang bansang nakikialam o nanghihimasok sa kanyang bansa.
_____4. Ang bawat bansa ay may karapatang makialam sa mga patakaran at batas na nais ipatupad ng ibang bansa anumang oras nito naisin.


***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

_______________________________________________________________

_____5. Walang karapatang magpadala ng legal na tulong ang pamahalaan para sa mga kababayan nitong may problem sa ibang bansa.

## GAWAIN 2

**Panuto**: Gamit ang *Concept Mapping*, Ipaliwanag ang mga karapatan na tinatamasa ng isang bansa at isulat ang iyong sagot sa loob ng bilog.




## TANDAAN

Mahalagang magkaroon ng soberaniya ang isang bansa upang ito ay maging ganap na estado o tunay na malaya at nabibigyang halaga ang mga karapatang tinatamasa ng isang malayang bansa. Anumang isyu o hamon na kahaharapin ng bansa kung may soberanyang taglay magkakaroon ito ng kapangyarihang ipagtanggol ang kanyang kalayaan nasasakupan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Basahin at ipaliwanag ang sumusunod na sitwasyon. Ang bawat bilang ay mayroong (5 puntos).

1. Bakit mahalagang magkaroon ng programa ang pamahalaan para sa paglutas ng mga suliraning may kinalaman sa pagpapanatili ng soberanya ng bansa?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Bilang isang mag-aaral na Pilipino, paano ka makatutulong upang mapangalagaan at mapanatili ang soberaniyang umiiral sa ating bansa?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Tukuyin kung anong karapatan ang sumusunod na pahayag. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ang titik lamang.

| | |
|---|---|
| **A**.Karapatan sa Kalayaan | **D**.Karapatan sa Pag mamay-ari |
| **B**.Karapatan sa Pantay na Pribilehiyo | **E**. Karapatan sa Pakikipag-ugnayan |
| **C**. Karapatan sa Saklaw na Kapangyarihan | |

_______1. Karapatan ng estadong gumawa at ipatupad ang mga batas at kautusan sa kaniyang nasasakupan.

_______2. Ang bawat estado ay may pantay na karapatan, tungkulin at pribilehiyo, ano man ang kanilang laki, yaman at kultura.

_______3. Bawat estadong pangasiwaan o pamahalaan may sarili itong ay pang-ekonomiya, panlipunan o pampolitika.

_______4. Karapatan ng bawat estado ay ang malayang pakikipag-ugnayan sa ibang bansa. Magpadala at tumanggap ng mga pambansang kinatawan sa ibang bansa gaya ng dimplomat at konsul.

_______5. Karapatan ng bawat estado ang pagmamay-ari o pag-angkin ng lahat ng ari-arian at bagay-bagay na nasa kanyang teritoryo.


## Aralin 2 : **Ang Pagtatanggol sa Kalayaan at Teritoryo ng Bansa**

**INAASAHAN:**

1. Nasasabi ang mga ahensyang may kinalaman sa paglutas ng suliranin para maipagtatanggol ang teritoryo ng bansa.
2. Nabibigyang-katwiran ang mga ginawang hakbang ng pamahalaan para malutas ang suliranin ng pagtatanggol ng mga mamamayan sa kalayaan at hangganan ng teritoryo ng bansa

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Isulat sa loob ng kahon ang mga ahensya o grupo na nangangalaga sa kaligtasan at Kalayaan ng mga mamamayan at ng bansa.




## BALIK-TANAW

Nanunuod o nakikinig ka ba ng balita? Ano anong mga kadalasang laman ng balita? Anong mga ahensya ang siyang tumutugon sa suliraning may kaugnayan sa kalayaan at kaligtasan ng mamamayan maging ang hangganan at teritoryo ng bansa?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Alam mo ba na ang isa sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ay ang pagtatanggol sa teritoryo at hangganan nito? Nakasaad ito sa saligang batas ng Pilipinas Artikulo II Seksyon 4, “Ang pagtatanggol sa estado ay Pangunahing tungkulin ng pamahalaan at sambayanang Pilipino at sa ikatutupad ng tungkuling ito ang lahat ng mamamayan ay maaaring utusan ng batas na magkaloob ng personal na serbisyo o sibil sa ilalim ng kondisyong itinakda.” **May dalawang uri ng panganib na dapat ipagtanggol ang bansa, ang Panlabas at panloob na panganib.** Panloob na panganib ay tumutukoy sa ibat ibang uri ng krimen gaya ng pagnanakaw,kidnaping, pagbebenta at pagbili ng ipinagbabawal na gamot at iba pa, rebelyon at iba pang uri ng mapanghimagsik na pangyayari sa loob ng teritoryo ng bansa. Ang Panlabas na panganib ay tumutukoy sa pagsalakay at pagsakop ng ibang bansa sa ating teritoryo. Itinatag ang Hukbong Sandatahang Lakas ng Pilipinas para tiyakin ang ganap na kapangyarihan ng estado at integridad ng pambansang teritoryo. Mga sangay nito Sandatahang lakas ng Pilipinas o *Armed Forces of the Philippines*:

- **Hukbong Katihan** (*Philippine Army*) sila ang nagproprotekta sa bansa laban sa mga dayuhang mananakop.
- **Hukbong Pandagat** (*Philippine Navy*)bantay-dagat sila ang nanghuhuli sa mga taong nagpupuslit ng mga produktong walang buwis
- **Hukbong Panghimpapawid** (*Philippine Air Force*) sila ang tanod sa himpapawid na sakop ng Pilipinas.

**(*Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.*)**

___

Ang iba pang ahensya na nangangalaga para sa kapayapaan, kaayusan at pagpapanatili sa seguridad ng mamamayan:

- Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal o Department Interior Local Government **(DILG)**
- Pambansang Pulisya ng Pilipinas o *Philippine National Police* **(PNP)**
- Kagawaran ng Ugnayang Panlabas o *Department of Foreign Affairs* **(DFA)**
- Kagawaran ng Kapaligiran at LIkas na Yaman *o Department of Environment and Natural Resources* **(DENR)**

Ang mga ahensiyang ito ay ginawa ng pamahalaan upang malutas ang mga suliraning may kinalaman sa pagtatanggol sa kalayaan at teritoryong sakop ng ating bansa. Gaya na lamang ng usapin sa *West Philippine Sea* at iba pang pag-aari ng bansa na patuloy na inaangkin ng kalapit bansa nito.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Bigyang-katwiran o paliwanag ang mga gampanin o tungkulin ng ibat ibang sangay ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas upang pangalagaan ang teritoryo ng bansa.



## GAWAIN 2

**Panuto**: Suriing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang **Tama** kung ito ay makatotohanan at **Mali** kung hindi.

____1. Kailangang masugpo natin ang lahat ng krimen sa bansa upang ang bansa ay tahimik at maayos.

____2. Ang Hukbong Panghimpapawid ay ang tagabantay laban sa mga iligal na pumapasok sa bansa.

____3. Kailangang idaan sa diplomatikong pamamaraan ang usaping pangkapayapaan hinggil sa pagtatanggol sa teritoryo upang maiwasan ang suliranin.

____4. Hindi kailangang makipag-ugnayan ang bansang papaunlad pa lamang sa mga bansang maunlad na.

____5. Ang pagtatanggol sa teritoryo at nasasakupan ay karapatan ng isang bansa.

## TANDAAN

Ang pangangalaga sa teritoryo ng bansa ay mahalaga upang hindi tayo masakop ng mga dayuhan at mapakinabangan natin ang lahat ng yamang mayroon ito. Isa pang paraan ng pagtatanggol ng bansa ay ang pagsunod ng mga mamamayan sa mga batas para sa katahimikan ng bansa at pangangalaga sa mga likas na yaman.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Sagutin ang bawat tanong sa ibaba. Ipaliwanag ang sagot sa bawat bilang.

1. Pumili ng isang ahensya na nangangalaga sa teritoryo ng bansa? Paano nila ito pinangangalagaan at ipinagtatanggol?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
2. Bilang mag-aaral, paano mo maipakikita ang pangangalaga mo sa teritoryo ng bansang kinalalagyan mo?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
3. Ano ano ang ginawang hakbang ng pamahalaan para malutas ang suliraning may kinalaman sa pagtatanggol sa teritoryo ng bansa?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Isulat sa patlang ang salitang hinihingi sa bawat pahayag.

________1. Itinatag ito upang mabigyan ng proteksyon ang bansa laban sa mga mananakop.
________2. Sila ang tagabantay laban sa mga iligal na pumapasok sa bansa.
________3. Tinagurian silang bantay sa papawiring sakop ng bansa.
________4. Ito naman ang ahensyang nangangalaga sa kaayusan at kapayapaan ng bansa laban sa mga kidnapper, magnanakaw at iba pa.
________5. Isinasaad nito ang Pangunahing tungkulin ng pamahalaan at sambayanan ang pagtatanggol sa teritoryo ng estado.

## SANGGUNIAN

- Baisa-Julian, Aielene G, Lontoc, Nestor S., Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino - Inilathala ng Phoenix Publishing House, Inc., Batayang Aklat sa Ika-anim na Baitang, pahina 209-229.

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ARALIN 1**

**UNANG PAGSUBOK**

**1.di nasasalin**
**2.malawak**
**3.mamamayan**
**4.palagian**
**5.pamahalaan**

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. **C**
2. **B**
3. **A**
4. **E**
5. **D**

**GAWAIN 1**

**1.mamamayan**
**2.pamahalaan**
**3. teritoryo**
**4. soberaniya**
**5. panloob na soberaniya**

**GAWAIN 2**

**1. Kalayaan**
**2.Pakikipag-ugnayan**
**3.pagmamay-ari**
**4.Saklaw na kapangyarihan**

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

**Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng mag-aaral.**

**ARALIN 2**

**UNANG PAGSUBOK**

1. PNP
2. AFP
3. Bantay bayan
4. Bantay Barangay

**GAWAIN 1**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng bata

**GAWAIN 2**

1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Mali
5. Tama

**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

Ang kasagutan ay batay sa kakayahang taglay ng bata.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. Sandatahang Lakas ng Pilipinas
2. HUkbong Pandagat (Philippine Navy)
3. Hukbong Paghimpapawid (Philippine Air Force)
4. Pambansang Pulisya ng Pilipinas (Philippine National Police)
5. Artikulo II, Seksyon 4